

# LET'S DO THIS – Filipino

## Pagbabakuna laban sa COVID-19 para sa mga bata (5-11 taong gulang)

MAGPALISTA  
NGAYON

### Bakit kailangang mabakunahan ang mga batang may edad na 5 - 11 taon laban sa COVID-19?

Ang COVID-19 ay isang virus na maaaring maging sanhi ng malubhang pagkakasakit at pagkamatay, pati na rin ang mga pangmatagalang problema sa kalusugan. Maaari itong madaling kumalat sa mga tao at kung minsan ay mayroong kakaunti o walang mga sintomas, na nagpapahirap na malaman na ikaw ay nahawahan at maipasa ito sa iba.

Bagamat ang impeksyong COVID-19 sa mga bata ay kadalasang mas banayad kaysa sa mga matatanda, mayroong matibay na mga dahilan upang masuportahan ang pagbabakuna sa mga bata:

- Tinutulungan ng mga bakuna ang naturalesa (immune system). Sa pamamagitan ng pagbabakuna sa iyong anak, tinutulungan mo silang maprotektahan mula sa malubhang pagkakasakit mula sa COVID-19 at posibleng mga pangmatagalang epekto.
- Tinutulungan ring maprotektahan ng pagbabakuna ang mga kaibigan, pamilya at ang komunidad, kabilang ang mga madaling tablan ng sakit sa lahat ng edad, sa pamamagitan ng pagtulong na mabawasan ang hawaan.
- Ang pagbabakuna ay nakakatulong na mapanatili ang mga bata sa paaralan at makilahok sa mga gawaing panlipunan na mahalaga para sa kanilang pag-aaral at pag-unlad.

Milyon-milyong mga bata sa buong mundo ay nabakunahan nang walang panganib laban sa COVID-19. Ipinapakita ng ebidensya na ang pagbabakuna ay nagbibigay ng napakahusay na proteksyon laban sa malubhang pagkakasakit mula sa COVID-19 sa mga bata at nakakatulong na mapanatiling ligtas at maayos ang iyong pamilya.

### Nakakakuha ba ang mga bata ng parehong bakuna at dosis ng mga matatanda?

**Hindi.** Ang naaprubahang bakuna para sa mga batang may edad 5 - 11 taon ay isang espesyal na Pfizer (Comirnaty) paediatric vaccine, na dalawang dosis na ibinibigay 8 linggo ang pagitan.

Ang dosis ng bakunang Pfizer sa mga batang may edad 5 -11 taon ay humigit-kumulang isang-ikatlo ng dosis na ibinibigay sa mga taong may edad 12 taon at mas matanda. Isang mas maliit na dosis ay ginagamit sa pangkat ng edad na ito dahil nagbibigay ito ng magkaparehong mataas na antas ng proteksyon sa mga bata na gaya ng mga taong may edad 12 taon at mas matanda.

### Magkapareho ba ang mga side effect ng mga bata sa mga matatanda?

**Oo.** Maaaring makaranas ang mga bata ng magkaparehong karaniwang side effect na kagaya sa mga matatanda pagkatapos mabakunahan laban sa COVID-19.

Ang mga side effect na ito ay karaniwang banayad at nawawala pagkaraan ng isa o dalawang araw at maaaring kabilang ang:

- Sakit ng ulo
- Lagnat at panginginig sa lamig
- Pagkapagod
- Pananakit ng kalamnan at pananakit ng braso sa lugar ng iniksyon

Karaniwan ang maliit na mga side effect at ipinapakita na ang naturalesa ay tumutugon sa bakuna. Napakabihira ang mga mas malubhang side effect mula sa bakuna, na mas mataas ang panganib kung mahawahan ng COVID-19 kaysa sa mga side effect na iyon. Kung nagpapatuloy ang mga side effect o nababahala ka, makipag-usap sa iyong GP (doktor).

## Nangangahulugan ba na dahil sa panganib ng isang malubhang side effect ay hindi ko na pabakunahan ang aking anak?

**Hindi.** Lahat ng mga bakuna laban sa COVID-19 na ginagamit sa Australya ay mayroong mabuting anyo ng kaligtasan at mahigpit na nasubok at nasuri ng Therapeutic Goods Administration (TGA) at ng Australian Technical Advisory Group on Immunisation (ATAGI) bago maaprubahan at inirerekomendang magamit.

Sa ngayon, mahigit 5 milyong bata sa Estados Unidos at milyon pa sa buong mundo na may edad 5 – 11 taon ay ligtas na nabakunahan laban sa COVID-19.

## Makakaapekto ba ang pagkabakuna laban sa COVID-19 ang paglaki, pag-unlad, o pagbubuntis sa hinaharap ng aking anak?

**Hindi.** Walang ebidensya na ang bakuna laban sa COVID-19 ay maaaring makaka-apekto sa paglaki at pag-unlad ng isang bata.

Ang mga pangmatagalang epekto mula sa COVID-19 ay maaaring may pangmatagalang epekto sa kalusugan at kagalingan. Ang panganib ng mga komplikasyon mula sa pagkahawa ng virus ay mas malaki kaysa sa karaniwang banayad na epekto ng pagbabakuna.

## Dapat bang mabakunahan ang aking anak kung nagkaroon na siya ng COVID-19?

**Oo.** Ang mga batang nagkaroon na ng COVID-19 ay dapat na makatanggap ng isang pagbabakuna kapag gumaling na sila mula sa kanilang sakit upang makatulong na maprotektahan laban sa isa pang impeksyon.

## Maaari bang mabakunahan ang aking anak nang walang pahintulot mula sa akin?

**Hindi.** Ang mga batang may edad na 5 – 11 taon ay nangangailangan ng isang magulang o legal na tagapag-alaga na magbigay ng pahintulot na makatanggap ng isang bakuna laban sa COVID-19.

Ang pahintulot ay kinakailangan kapag nagpapalista (booking), at muli sa appointment. Kung ang magulang o tagapag-alaga ay hindi maaaring dumalo sa appointment kasama ang bata, maaari silang humirang ng ibang matanda na dumalo sa appointment bilang kapalit kapag kinukumpleto nila ang pahintulot sa online sa panahon ng proseso ng pagpapalista.

Kailangang ibigay ang mga detalye ng hinirang na makakasamang matanda sa panahon ng pagpapalista upang ang kanilang pagkakilanlan at pahintulot na magbigay ng pagpayag sa pamamagitan ng kinatawan ay maaaring mapatunayan sa araw ng appointment.

Para sa karagdagang impormasyon sa pahintulot, bisitahin ang: [Vaccination consent FAQs for parents and guardians \(Mga madalas na tinatanong sa pahintulot sa pagbabakuna para sa mga magulang at tagapag-alaga\)](#).

## Sapilitan ba para sa mga bata ang pagbabakuna laban sa COVID-19 (kabilang ang para sa paaralan at palakasan, at iba pa)?

**Hindi.** Ang pagbabakuna laban sa COVID-19 ay hindi sapilitan, ngunit lubusang hinihimok na gawin ito.

Walang pangangailangan para sa mga bata na magkaroon ng isang bakuna laban sa COVID-19 upang makilahok sa mga aktibidad ng palakasan sa paaralan o lipunan.

## Maaari bang mabigyan ang aking anak ng isang booster na bakuna?

**Hindi.** Ang pangunahing kurso ng bakuna ay lumilikha ng isang malakas na panlaban sa sakit sa mga nakababatang tao.

Isasaalang-alang ng ATAGI kung ang isang booster dose ay kailangan para sa pangkat ng edad na ito sa hinaharap,

## Mababakunahan ba ang mga bata laban sa COVID-19 sa paaralan?

**Hindi.** Gumawa ng isang pagpapalista ng iyong anak para sa pagbabakuna laban sa COVID-19 sa pamamagitan ng iyong GP (doktor), lokal na botika, Aboriginal Community Controlled Health Service o isang klinika ng pagbabakuna ng NSW Health.

## Paano ako magpapalista?

Hinihimok ang mga magulang na magpalista para sa isang appointment ng pagbabakuna para sa kanilang anak sa lalong madaling panahon.

**Magpalista ngayon sa online** - [www.nsw.gov.au/COVID-19/vaccination/get-vaccinated](http://www.nsw.gov.au/COVID-19/vaccination/get-vaccinated)

**Tumawag upang magpalista:** Booking helpline: 1800 57 11 55 / Serbisyo sa Pagsasaling-wika (TIS): 131 450